

Kasunduan sa Inaasahang Paggamit ng Teknolohiya ng mga Mag-aaral

Layunin

Ang mga mag-aaral, kawani at tagapangasiwa ng *Red Deer Public Schools* ay may pagkakataong ma-access ang RDPDS *network* upang mapadali ang mga layunin sa paglago ng edukasyon at propesyon. Ang layunin ng mga pamamaraang ito ay upang mapaunlad ang malayang paggamit ng *network*, napapailalim sa pagsunod sa mga pamamaraan at pamantayan para sa angkop na paggamit ng *network* at komunikasyon. Ang mga sumusunod na pamamaraan ay nalalapat sa lahat ng mga gumagamit na may access sa anumang RDPDS *network connection*.

Pag-aari

Ang *network* at serbisyo ng RDPDS ay pag-aari ng Red Deer Public Schools. Ang hindi awtorisadong paggamit ng *network* at *computing system* ay ipinagbabawal. Ang pag-access sa *network* at *email* at iba pang mga *on-line system* ng *Red Deer Public Schools* ay isang pribilehiyo na ipinagkaloob ng *Red Deer Public Schools* sa mga gumagamit nito at maaaring bawiin o ipagkait ayon sa pagpapasya ng mga empleyado ng *Red Deer Public School District*.

Pagkapribado

Ang mga gumagamit ay walang personal na karapatan sa *privacy* sa anumang bagay na nilikha, natanggap, naka-imbak sa o ipinadala mula sa sistema ng RDPDS *network*. Ang *Red Deer Public School District No. 104* ay maaaring paminsan minsan at walang paunang abiso, subaybayan at suriin ang nilalaman at pagkuha ng web site ng mga gumagamit, upang matiyak ang wastong paggamit nito.

Mga Account at Password

Ang mga gumagamit ay dapat kumuha ng awtorisadong *account* at *password* mula sa *Information Technology Services Department* upang i-access ang RDPDS *network resources*. Dapat isaalang-alang ng gumagamit ang *account* at *password* na kumpidensyal at hindi dapat ibahagi ang *account* o *password* sa sinumang tao o iwanan ang *account* na bukas o walang nagbabantay sa anumang *computer system*.

Inaasahang Paggamit

Ang paggamit ng iyong *account* ay bilang suporta sa edukasyon at pananaliksik at naaayon sa mga layuning pang edukasyon ng *Red Deer Public Schools*. Ang paghahatid ng anumang materyal na lumalabag sa anumang *Federal* o *Provincial statute* o regulasyon ay ipinagbabawal.

- Ang paggamit ng *network* ay limitado lamang sa mga gumagamit na binigyan ng isang tunay na *username* at *password* ng *Red Deer Public Schools Information Technology Services Department*.
- Ang pag *download* o paglilipat ng mga materyales na may *copyright* sa o mula sa

anumang RDPSD computer nang walang malinaw na pahintulot ng may-ari ng *copyright* ay isang paglabag sa *Federal law* at malinaw na ipinagbabawal.

- Ang lahat ng hindi awtorisadong at hindi lisensyadong *software* ay ipinagbabawal sa RDPSD *network*.
- Ang mga gumagamit ay hindi makikibahagi sa mga illigal o hindi etikal na gawain, kabilang ang paggamit ng pag-*access* sa *network* upang magplano

o magsagawa ng anumang pakana upang dayain o makakuha ng pera, o iba pang mga bagay na may halaga sa pamamagitan ng maling pagpapanggap, pangako, o representasyon; o sirain ang mga impormasyong nakabatay sa *computer* o mga mapagkukunan ng impormasyon.

- Ang anumang paggamit ng RDPSD *network* para sa pagtanggap o pagpapadala ng walang galang, mapanirang puri, hindi tumpak, abusado, malaswa, bastos, nakatuon sa sekswal, nagbabanta, nakakasakit ng lahi o illegal na materyal o iba pang mga hindi naaangkop na aktibidad ay mahigpit na ipinagbabawal. Hinihikayat ang mga indibidwal na iulat ang anumang pang aabuso sa mga naaangkop na awtoridad.
- Ipinagbabawal ang paggamit ng *E-mail* at iba pang pasilidad ng RDPSD *network communications* upang mang-*harass*, laitin, makasakit, o magpakalat ng mapanirang puri, hindi tumpak, abusado, malaswa, bastos, sexually oriented, may pagbabanta, *racially offensive*, o *illegal material*, o kaya naman ay nakakainis sa ibang gumagamit ng mga *network*. Ang bawat gumagamit ay may responsibilidad na iulat ang lahat ng naturang mga paglabag.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang pag *download* o pagpapadala ng mga pornograpiya, mahahalay o iba pang mga materyales na hindi katanggap tanggap sa lipunan.
- Ang mga gumagamit ng *network* ay hindi dapat payagan ang sinumang ibang tao na gamitin ang kanilang *password / key* o ibahagi ang kanilang *account*.
- Anumang pagtatangka upang maiwasan ang seguridad ng *system*, hulaan ang mga *password* o sa anumang paraan makakuha ng hindi awtorisadong pag-*access* sa lokal o *network* na mapagkukunan ay ipinagbabawal.
- Ang mga gumagamit ng *network* ay hindi sadyang makikibahagi sa pagpapadala ng mga mensahe at *file* na naglalaman ng anumang anyo ng *digital* na impormasyon o pag-*encode* na malamang na magresulta sa pagkawala o pagkagambala sa trabaho o sistema ng tatanggap.
- Ang mga gumagamit ng *network* ay hindi makikibahagi sa pagkakaroon ng *access* sa anumang mga mapagkukunan, entidad o data ng iba para sa anumang layunin nang walang awtorisasyon.
- Ang mga gumagamit ng *network* ay hindi makikibahagi sa mga aktibidad na nag-aaksaya ng mga mapagkukunan ng *network* o nagpapababa o nakakagambala sa pagganap ng *network* kabilang ang iba pang mga *network* at *system* na na *i-access* sa *Internet*.
- Ang mga gumagamit ng *network* ay hindi makikibahagi sa *plagiarism* ng impormasyon na nakuha sa pamamagitan ng RDPSD *network*.
- Ang mga gumagamit ng *network* ay hindi makikibahagi sa paglabag sa pagiging kompidensyal ng sinumang gumagamit, at pagbubunyag ng personal na impormasyon tulad ng mga numero ng telepono o *address* ng iba, o kung hindi man ay sumasalakay sa *privacy* ng iba sa *network*.
- Hindi gagamitin ng mga gumagamit ng *network* ang RDPSD *network* para sa pribado o negosyo na paggamit o para sa mga layuning pampulitika.

* Gawi ng Red Deer Public Schools na magbigay ng buong access sa sumusunod na mga serbisyo at sistema ng *computing*. *Computer account*, *access sa server*, *network access* kabilang ang *filtered web access*, *email*, *cloud services - Google Apps For Education*, at iba pang mga teknolohiya sa *web 2.0*

Mga Magulang Pakibasa at Pakipirmahan:

Nauunawaan ko na ang *network* ay nagbukas ng isang malawak na mapagkukunan para sa mga *entity* ng paaralan sa buong mundo. Nauunawaan ko na ang mga mag-aaral ngayon ay may mga pagkakataon upang ma access ang impormasyon sa pananaliksik mula sa iba't ibang mga mapagkukunan sa internet at mga sistema ng email. Nauunawaan ko na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng *access* sa *Internet*, sa kabila ng lahat ng pinakamahusay na pagsisikap ng Distrito, ang posibilidad na magkaroon ng *access* ang mga mag-aaral sa mga potensyal na walang galang, mapanirang puri, hindi tumpak, abusado, malaswa, bastos, sekswal na nakatuon, nagbabanta, *racially offensive* o ilegal na materyal.

Gagamitin ng *Red Deer Public Schools* ang lahat ng makakaya nito upang limitahan ang gayong pag *access* sa mga lugar na may halaga lamang sa edukasyon. Gayunpaman, ito ay nauunawaan na kahit gaano karaming pangangasiwa at pagsubaybay at teknikal na suporta ang maaaring magamit ng *Red Deer Public Schools*, palaging magkakaroon ng posibilidad na ang isang bata ay makipag ugnay sa walang galang, mapanirang puri, hindi tumpak, abusado, malaswa, bastos, *sexually-oriented*, nagbabanta, nakakasakit ng lahi o ilegal na materyal. Sa pamamagitan ng aming patuloy na pagtuturo sa *digital citizenship* na ituturo namin sa mga mag-aaral kung paano haharapin ang ganitong uri ng data at upang mas mahusay na magamit ang kanilang sariling mga kasanayan sa paglipas ng panahon upang maging mas kritikal na mga nag iisip.

Kinikilala namin ang kahalagahan ng aming mga mag-aaral na maging mulat ang kamalayan sa teknolohiya sa isang lipunang teknolohikal.

Mangyaring ipahiwatig ang iyong pinili sa ibaba, lagdaan at ibalik ito sa paaralan ng iyong anak:

___ Kinikilala at nauunawaan ko ang pag *access* ng aking anak sa teknolohiya sa loob ng *Red Deer Public Schools* tulad ng inilarawan sa itaas.

___ **Hindi ko** nais na magkaroon ng *access* ang aking anak sa teknolohiya tulad ng inilarawan sa itaas.

Petsa:

Pangalan ng Mag aaral, Paaralan at Klase:

Pangalan ng Magulang/Tagapangalaga:

Lagda ng Magulang/Tagapangalaga:

Maling Paggamit at Pang-aabuso sa Teknolohiya

Ang maling paggamit at pang-aabuso sa teknolohiya ay maaaring magresulta sa pagkansela ng mga pribilehiyo ng *network* sa loob ng isang tinukoy na tagal ng panahon o sa *perpetuity* at maaaring magresulta sa iba pang aksyong disiplina ng paaralan. Ang mga malubhang pagkakasala ay maaaring *i-refer* sa RCMP para sa imbestigasyon at posibleng kasong